## Daily Doses of Gospel PiLLs

**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, Texas 75491**
**Website: www.nardagoodson.com * Email: info@nardagoodson.com**

# Ang Buhay Na Salita Ng Panginoon

Ang buhay na salita ng Dios ang siyang aking pinagkukunan, pinagmumulan ng lakas at pukaw. Ito ay sakdal ng hangin na umiikot at nakapaligid na pilit inaabot ang madilim na nakaraan at nawalan nang saysay na buhay.

Gising! Gumising ka! Sapagkat ang liwanag ng Dios ay dumating na at naipagkaloob upang bigyan nang kabuluhan at mapagtagumpayan ang buhay mo dito sa lupa at sa mga bagay na akala mo ay walang kabuluhan, kabutihan at saysay. Ang iyong mga pangarap ay mabubuhay muli, ang iyong pananampalataya ay tataas, aangat at ang kaligayahan ay mananaghoy sa iyong kapaligiran. Ang galak ng Dios ay ang iyong lakas. At ang Kanyang lakas ay magbibigay at magtuturo sayo kung ano ang dapat mong gawin na akala mo na mahirap gawin at hindi mangyayari.

Ang karunungan ng Dios ang magiging gabay mo at ang kanyang biyaya ay iyong magiging sagisag. Ang Kanyang buhay na salita na hiningahan ay patuloy na lalaganap at walang sino man ang makapipigil. Ang makapangyarihang kamay ng Dios ang hahatak at hihila sayo at magigipit ka nang sa gayon ay lumawak pa at madagdagan ang iyong karunungan at pananampalataya. Mangyayari ang gusto niyang mangyari at ang pagnanais niya na makamtan mo ito. Mapagtitiisan ang hirap, pait at mga pagsubok sa sandaling ito.

Ngayong nakayanan at napagtiisan mo ang lahat ng Kanyang paraan, ikaw na ngayon ay pinahiran ng Kanyang pana at palaso, isang matulis na bagay na gagamitin Niya para puksain at pabagsakin ang nagkakaisang kaharian ng kadiliman. Humanda ka! Sapagkat ikaw ay pinakawalan na, gaya ng bala ng armas, gaya ng isang pana ng palaso. Kung ikaw ay may pandinig, pakinggan mo ang sinasabi ng Banal na Espirito kung ano ang kanyang sinasabi sa tahanan ng Dios. Sa pangalan ng Makapangyarihang Hesus. Siya nawa.

Naisalin sa wikang Tagalog sa pamamagitan ng isa sa mga opisiyal na tagapaglimbag ng NGM, Susan Benedicto.

**Copyright 2015 Daily Doses of Gospel PiLLs. All Rights Reserved.**
**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, TX 75491**
**www.nardagoodson.com * info@nardagoodson.com**
*Permission is granted* to print and redistribute this material *as long as* the header and this footer at the end of the articles are included.

